Seattle Office of Labor Standards

# Seattle Office of Labor Standards

## Script ng Video Tungkol sa Ordinansa sa Mga Karapatan sa Pag-deactivate ng Manggagawang App-Based

### Ang mga Manggagawang App-Based ay mayroong mga Karapatan!

Gumagamit ka ba ng phone o computer apps upang makapagtrabaho sa Seattle? Maaaring protektado ka ng mga batas sa paggawa ng manggagawang app-based sa Seattle.

Mayroong tatlong batas sa Seattle na nagpoprotekta sa mga manggagawang app-based. Saklaw ng mga batas na ito ang karamihan, pero hindi lahat, ng app. Para sa iba pang impormasyon kung angkop ang mga batas na ito sa iyong trabaho, bisitahin ang: seattle.gov/app-based-worker-ordinances

Una, sa batas sa Minimum na Bayad sa Manggagawang App-Based, inaatasan ang kompanya ng app na magbayad sa iyo ng minimum na bayad para sa bawat alok o serbisyong ginagawa mo kung ang bahagi ng trabahong iyon ay ginagampanan sa loob ng mga hangganan ng Seattle City. Kasama sa minimum na bayad ang oras na iginugugol mo sa pagtatrabaho at kung ilang milya ang kinailangan mong lakbayin upang matapos ang trabaho.

Ikalawa, sa batas sa May Bayad na Oras para sa Pagkakasakit at Kaligtasan ng Manggagawang App-Based, inaatasan ang kompanya ng app na magbigay sa iyo ng may bayad na oras ng pagliban sa trabaho para sa pagkakasakit o isyung pangkaligtasan tulad ng karahasan sa tahanan. Makakukuha ka ng isang araw ng may bayad na oras para sa pagkakasakit at kaligtasan para sa bawat 30 araw na tatrabahuhin mo sa Seattle, kasama na rito ang mga araw na may kinuha/sinundo o dinala/inihatid ka sa Seattle.

Simula sa Enero 2025, may bisa na ang ikatlong batas na Ordinansa sa Mga Karapatan sa Pag-deactivate ng Manggagawang App-Based. Mas maraming apps ang saklaw ng batas na ito kaysa sa dalawang nauna, kaya kahit hindi angkop sa iyo ang iba pang mga batas, maaaring mayroon ka namang mga karapatan sa pag-deactivate.

Sa ilalim ng batas na ito, ang karamihan ng kompanyang app-based ay kailangang magbigay sa iyo ng impormasyon sa isang sulat bago ka i-deactivate (i-block ka mula sa paggamit ng app upang makapagtrabaho o limitahan ang iyong access sa app). Ginagawa rin nitong ilegal ang ilang dahilan para sa pag-deactivate.

Kailangang ipaalam sa iyo ng kompanya sa isang sulat ang sumusunod:

- Anong mga panuntunan, na kung susuwayin, ay magbibigay-daan sa kompanya upang i-block o limitahan ang iyong access sa app
- Kung ide-deactivate ka:
- Bakit ka dine-deactivate
- Anong impormasyon ang ginamit ng kompanya sa pagpapasyang i-deactivate ka (dapat kang bigyan ng kompanya ng mga kopya ng anumang talaan) at
- Paano mo matututulan ang pag-deactivate

Dapat kang bigyan ng kompanya ng babala tungkol sa pag-deactivate sa iyo nang hindi iikli sa 14 na araw bago nito i-block o limitahan ang iyong access sa app. Pero, kung halimbawang sinasabi ng kompanya na nanakit ka ng isang kostumer, puwede kang i-deactivate agad-agad ng kompanya. Marami pang ibang dahilan kung bakit puwede kang i-deactivate agad-agad ng kompanya. Dapat ipaalam sa iyo ng kompanya kung bakit ka dine-deactivate at kung paano matututulan ang pag-deactivate anuman ang mangyari. Kung tututulan mo ang pag-deactivate, kailangang tugunan ng kompanya ang iyong pagtutol sa loob ng 14 na araw o ipaliwanag ang anumang pagkaantala sa iyo.

Kung hindi ibibigay sa iyo ng kompanya ang impormasyong ito, puwede kang makipag-usap sa Seattle Office of Labor Standards o OLS upang alamin kung matutulungan ka ng Office. Napakahalaga na gamitin mo ang proseso ng kompanya sa pagtutol sa pag-deactivate, o maaaring mawala sa iyo ang karapatang tutulan ito. Kailangan kang bigyan ng kompanya ng 90 araw upang tutulan ang pag-deactivate mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang unang abisong nagsasabing dine-deactivate ka.

Dahil sa batas na ito, ilegal na i-deactivate ka para sa ilang dahilan tulad ng: gaano karaming oras ka nakapagtatrabaho, iyong desisyong tumanggap o humindi sa mga alok, pagtatangkang makipag-usap sa kompanya, pagpapahayag tungkol sa mga kondisyon ng trabaho sa kompanya, paggamit sa iyong mga legal na karapatan, at iba pa. Halimbawa, kung tatanggi ka sa maraming alok nang sunod-sunod dahil ayaw mong tanggapin ang mga ito, hindi ka dapat i-deactivate ng kompanya dahil lang doon.

Simula sa Hunyo 1, 2027, puwede ring siyasatin ng OLS ang mga dahilan kung bakit ka na-deactivate ng kompanya upang alamin kung katanggap-tanggap ang ginawa ng kompanya. Bago sumapit ang Hunyo 1, 2027, puwede lang siyasatin ng OLS kung nasunod ng kompanya ang tamang proseso sa pag-deactivate sa iyo o kung nagsagawa ang kompanya ng negatibong aksiyon laban sa iyo dahil sa paggamit mo sa iyong mga karapatan (tinatawag natin itong paghihiganti).

Ang Seattle ay walang aktibong batas tungkol sa pagtatrabaho para sa mga kompanya ng ride-share (kapag gumagamit ka ng kotse upang sumundo o maghatid ng mga tao, pero hindi ka nagbibigay ng iba pang serbisyo o nagde-deliver). Ang Estado ng Washington ay mayroong mga batas na nagbibigay sa iyo ng mga karapatan sa pagtatrabaho sa ride-share.

Kung mayroon kang tanong o naniniwala kang hindi sumusunod sa mga batas na ito ang kompanyang pinagtatrabahuhan mo, puwede kang makipag-ugnayan sa OLS sa pamamagitan ng pagtawag sa 206-256-5297 o pagpunta sa www.seattle.gov/laborstandards/investigations/file-a-complaint

Makapaglalaan ang OLS ng interpretasyon at pagsasalin. Libre at pribado ang mga serbisyong ito. Hindi itatanong ng Office ang tungkol sa katayuan sa imigrasyon.